

ANG COMMUNICANTES SA MISA

SA AMING PAKIKIISA sa masayang pagdiriwang ng kabanal-banalang *gabi* nang isilang ng walang dungis sa pagkabirhen ni Santa Mariang pinagpala ang isang Manunubos sa daigdig na ito: at gayundin sa magalang na paggunita sa Mahal na Birheng Maria...*

ANTIPONA SA KOMUNYON • *Jn 21:23*

EXIIT sermo inter fratres, quod discipulus ille non móritur: et non dixit Jesus: Non móritur, sed: Sic eum volo manére, donec véniam: tu me séquere.

KUMALAT ang sabi-sabi sa mga kapatid na ang alagad na iyon ay hindi papanaw. Subalit hindi sinabi ni Jesus sa kanya na hindi siya papanaw, kundi, “Kung ibig kong siya’y manatili hanggang sa ako’y dumating; sumunod kayo sa Akin!”

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

REFECTO cibo potúque coelésti, Deus noster, te súpplices deprecámur: ut, in cuius hæc commemoratióne percépimus, ejus muniámur et précibus. Per Dominum.


KAMING MGA BINUSOG Mo ng makalangit na pagkain at inumin, Panginoon, ay pakumbabang sumasamo sa Iyo, upang maipagsanggalang kami ng lagi pakundangan sa pag-aalala namin sa kaniya sa sakramentong ito. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Paggunita sa Octava ng Pasko ng Pagsilang:

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON *

PRAESTA quæsumus, omnípotens Deus: ut natus hódie Salvátor mundi, sicut divínæ nobis generatiónis est auctor; ita et immortalitátis sit ipse largítor: Qui tecum vivit.

HINHILING namin sa Iyo, makapangyarihang Dios, yamang isinilang ngayong araw ang Manunubos ng sanlibutan, ang maygawa ng kabanalan, sa ami’y siya rin ang magkaloob ng buhay na walang hanggan. Siyang nabubuhay at naghahari...



SAN JUAN
Apostol at Evangelista

*Misa “In Medio Ecclesiae”
II cl. • Doble II cl. • Puti*

Sa mas nakatatandang uso ng Rito Romano (pre-55), ito ang Misa kung matapat sa Linggo.

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • *Kar 15:5*

IN médio Ecclesiæ aperuit os ejus: et implévit eum Dóminus spírиту sapiéntiæ et intellectus: stolam glóriæ induit eum. — *Ps 91:2* Bonum est confitéri Dómino: et psállere nómini tuo, Altíssime. *V.* Gloria Patri. In medio...

SA gitna ng Simbahan, ibinuka niya ang kaniyang mga labi: at pinuspos siya ng Poon nitong espiritu ng karunungan at katalinuhan, at sinuotan Niya ng marangal na damit. — *Salmo 91:2* Mabuti ang magpuri sa Poon, at umawit sa ngalan Mo, O ikaw na Kataas-taasan. *V.* Luwalhati sa Ama. — Sa gitna...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

ECCLESIAM tuam, Dómine, benígnus illústra: ut, beáti Joánnis Apóstoli tui et Evangelístæ illumináta doctrínis,

MASINTAHIN mo nawang ibuhos ang iyong liwanag sa iyong Simbahan, Panginoon; upang sa nakapagpapalinaw na aral na itinuro ni San Juan na iyong Apostol at Ebanghelistá,

ad dona perveniat sempiterna.
Per Dominum.

magkamit nawa Siya ng Iyong walang hanggang
ganitmpala sa kalangitan. Sa pamamagitan ni
Jesucristong Panginoon namin...

Paggunita sa Octava ng Pasko ng Pagsilang:

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA) *

CONCEDE, quæsumus,
omnipotens Deus: ut nos
Unigeniti tui nova per carnem
Nativitas liberet; quos sub
peccati iugo vetusta servitus
tenet. Per eundem Dominum.

IPAGKALOOB Mo sa amin, isinasamo namin,
makapangyarihang Dios, na mapalaya nawa
kami sa lumang kaalipinan sa kasalanan,
pakundangan sa bagong Pagsilang ng iyong
Bugtong na Anak. Sa pamamagitan pa rin ni
Jesucristong Panginoon namin...

SULAT • Kar 15:1-6

Pagbasa mula sa Aklat ng Karunungan.

ANG tao na may paggalang sa Panginoon, ay makakagawa ng mabubuting
bagay. Ang tao na nagpakadalubahsa sa Kautusan ay makakamtan ang
karunungan. Sasalubungin siya tulad ng isang ina, paglilingkuran, gaya ng asawang
bagong kasal. Dudulutan siya ng karunungan at kaalaman, na parang masarap na
pagkain at inumin. Patitibayin siya nito at di kailanma'y matitibag. Kung sasandig
siya at magtitiwala sa kanya, hindi siya magdaranas ng kabiguan. Kapag nagsalita
siya sa kapulungan, ituturo niya sa kaniyang sasabihin; at magiging mas marangal
ka kaysa iyong mga kasamahan at susuotan ng damit ng kaluwalhatian. Lalasap ang
Panginoong Dios ng tunay na galak at kaligayahan sa kaniya at hindi
makakalimutan ang kaniyang ngalan magpakailanman. — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Jn 21:23, 19, 24

EXIIT sermo inter fratres, quod
discipulus ille non moritur: et
non dixit Jesus: Non moritur,
V. Sed: Sic eum volo manere,
donec veniam: tu me sequere.

KUMALAT ang sabi-sabi sa mga kapatid na ang
alagad na iyon ay hindi papanaw. Subalit hindi
sinabi ni Jesus sa kanya na hindi siya papanaw,
V. Kundi, “Ibig kong siya’y manatili hanggang
sa ako’y dumating; sumunod kayo sa Akin!”

Allelúia, allelúia. V. Hic est
discipulus ille, qui testimonium
perhibet de his: et scimus, quia
verum est testimonium ejus.
Alleluia.

Aleluya, aleluya! V. Siya ang alagad na
nagpapatotoo tungkol sa mga bagay na ito; siya
rin ang sumulat ng mga ito at alam naming
totoo ang kanyang pahayag. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Jn 21:19-24

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOONG PANAHONG IYON: Sinabi ni Jesus kay Pedro: “Sumunod ka sa akin!”
Lumingon si Pedro at nakita niyang sumusunod ang alagad na minamahala
ni Jesus, ang siyang humilig sa dibdib ni Jesus nang sila’y naghahapunan at
nagtanong, “Panginoon, sino po ang magkakanulo sa inyo?” Nang makita siya ni
Pedro ay tinanong nito si Jesus, “Panginoon, paano po naman ang taong ito?”
Sumagot si Jesus, “Kung nais kong mabuhay siya hanggang sa pagbabalik ko, ano
sa iyo? Sumunod ka sa akin!” Kumalat sa mga kapatid sa pananampalataya ang
balitang hindi mamamatay ang alagad na ito. Ngunit hindi naman sinabi ni Jesus
na hindi siya mamamatay, kundi, “Kung nais kong mabuhay siya hanggang sa
pagbabalik ko, ano sa iyo?” Siya ang alagad na nagpapatotoo tungkol sa mga bagay
na ito; siya rin ang sumulat ng mga ito at alam naming totoo ang kanyang pahayag.
— **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Gawa 6:5; 7:59

JUSTUS ut palma florébit: sicut
cedrus, quæ in Líbano est,
mulliplicábitur.

ANG MATUWID NA TAO ay sasaganang tulad
ng isang palmera; tulad ng isang sedro sa
Lebanon, siya’y yayabong at uunlad.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SUSCIPE, Dómine, múnera,
quæ in ejus tibi sollemnitate
deférimus, cujus nos confidimus
patrocínio liberári. Per
Dóminum.

PANGINOON, tanggapin mo ang aming mga
alay sa aming pagdiriwang sa dakilang
kapistahan niya, yamang kami’y umaasa sa
kaniyang pagdalangin para sa aming kaligtasan.
Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon
namin...

Paggunita sa Octava ng Pasko ng Pagsilang:

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY *

OBLATA, Dómine, múnera,
nova Unigeniti tui Nativitate
sanctifica: nosque a peccatorum
nostrorum maculis emúnda. Per
eundem Dominum.

PANGINOON, pabanalin mo ang mga handog
na ito pakundangan sa bagong Pagsilang ng
iyong bugtong na Anak. Linisin mo kami sa
dungis ng aming mga kasalanan. Sa
pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon
namin...